# Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g Kwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano

**Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research**
Vol. 7 No.1, 7-14
February 2019
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
CHED Recognized Journal
ASEAN Citation Index

**Trina Marie A. Catipay**
Cebu Normal University, Cebu City, Philippines
*tmcatipay@gmail.com*

*Date Received: December 6, 2017; Date Revised: November 24, 2018*

**Abstract –** *Cebuanos – just like any other Filipinos - technically grew up from the stories like myths and legends. These stories reflect the life of Cebuanos in many ways. This study aims to collect the unpublished stories of the Philippines from the island of Cebu by documenting and anthologizing it in Filipino and Cebuano-Visayan Language. Like any other forms of cultural heritage, folktales are threatened by drastic changes brought by globalization and migration. Thus, there is a high demand of preserving folklores which represents the identity of the country and its people. Therefore, the findings of this study will revisit the old ways and life of the Filipinos – specifically the Cebuanos- and reviving its collective values. This study use Discourse analysis to analyse the themes that reflects the life of Cebuanos and its old ways. After thorough investigation of the collected data, it was found out that Cebuano stories (Folktales) are categorized into four according to function: (1) for Family, (2) to scare the children, (3) for environment, and (4) for religion. The life and ways of Cebuanos surfaced through the evaluation of the different themes. The following are the themes which became the guide of Cebuanos for a smooth and safe life: taking good care of the environment, values and respect, the existence of evil forces, being prepared, asking of forgiveness, stability of the livelihood, and being religious. The natural behaviour of Cebuanos also prevails which is divided into 6 Cebuano collective values namely: (1) valuing relationship, (2) social values, (3) Inwardness, (4) valuing of livelihood, (5) faith and religious values, and (6) positive outlook.*

**Abstrak –** *Ang mga Cebuano – gaya ng ilang mga Pilipino – ay lumaki sa mga kuwento tulad ng mga mito at alamat. Ang mga kuwentong ito ay nagpapakita ng buhay ng mga Cebuano sa maraming paraan. Nilalayon ng pag-aaral na ito na kolektahin ang mga hindi nalathalang mga kuwento ng Pilipinas mula sa isla ng Cebu sa pamamagitan pagdodokumento at paggawa ng antolohiya nito sa wikang Filipino at Cebuano-Visayan na wika. Tulad ng anumang mga anyo ng kultural na pamana, ang mga kwentong bayan (folktale) ay nanganganib na mawala dala ng mabilis na pagbabago na dala ng globalisasyon at migrasyon. Kaya ang pangangailangan sa pagpapanatili ng mga alamat na kumakatawan sa pagkakakilanlan ng bansa at ng mga tao nito ay mataas. Samakatuwid ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay magiging daan sa pagbabalik-tanaw sa buhay ng mga Pilipino - partikular na ang mga Cebuano - at muling pagsasabuhay ng mga kolektibong pagpapahalaga nito. Pagkatapos ng masusing pagsisiyasat sa nakolekta na datos, nalaman na ang mga kwentong Sugbu-anun ay napapabilang sa apat na kategorya ayon sa gamit (function) nito. Ito ay ang – Pampamilya, Pangkatakutan, Pangkalikasan, at Panrelihiyon. Ang pamumuhay ng mga Cebuanos ay lumitaw sa pamamagitan ng pagsusuri ng iba't ibang mga tema. Ang mga sumusunod ay ang mga tema na naging gabay ng mga Cebuaneo para sa isang matiwasay at ligtas na pamumuhay: pakaingatan ang kalikasan, pagpapahalaga at paggalang, pagkakaroon ng masasamang pwersa sa mundo, pagiging handa, paghiling ng kapatawaran, pagpapanatili ng kabuhayan, at pagiging relihiyoso. Ang naturang likas na pag-uugali ng mga Cebuano ay nananaig din at ito nahahati sa 6 na mga kolektibong pagpapahalaga: (1) pagpapahalaga sa relasyon, (2) pagpapahalagang sosyal, (3) pagpapahalaga sa kalooban, (4) pagpapahalaga sa kabuhayan, (5) pananampalataya at relihiyosong halaga, (6) positibong pananaw.*

***Keywords –*** *Anthology, Unpublished, Themes, Cebuano ways and life, Collective Values*

## INTRODUKSYON

Ang panitikan ay pangunahing salamin ng kultura ng isang sambayanan. Dito nailalarawan ang kanyang kahapon, ngayon at bukas. Sadyang nagkaroon ito ng iba't ibang anyo na bunga ng pagpapahayag ng damdamin at kaisipan ng iba't ibang tao [1]. Ang panitikan sapagkat salamin, isang anyo ng kamalayan ng mananalaysay at kolektibo ng mga tagapagsalaysay ay tumutugon sa artistikong repleksyon ng reyalidad sa yugto ng pagsulong nito. Kaya ang panitikan ay may kasaysayan at humahango ito sa lipunang kumakandili rito. Kung gayon ang panitikan ay hindi lamang likhang sining o kaya'y pulipito ng manunulat kundi higit pa rito.

Ang mga Pilipino ay isa sa mga tao sa mundo na likas na may maraming pinaniniwalaan at pilit nila na ipinapaliwanag ang isang reyalidad na hindi kayang ipaliwanag. Ang mga paniniwala – katulad nalang ng mga nilalang na hindi nakikita ngunit nakatira sa mundong ibabaw, nilalang na makapangyarihan at kumukuha ng kaluluwa – at pamahiin sa Pilipinas ay lumawak sa iba't ibang dako ng rehiyon at probinsya ng Pilipinas. Ang paniniwalang ito ay galing sa iba't ibang mga kasabihan at pamahiin ng mga nakakatanda na naglalayong pigilan ang kapahamakan na maaaring mangyari o para maiwasan ng isang tao na gumawa ng isang partikular na gawain. Ang paniniwala na galing sa kanilang mga tradisyon, ugali at kultura na pilit na ipinapaliwanag ang isang kamangha-manghang pangyayari o para takutin ang mga tao. Dahil sa kakulangan sa kaalaman noong unang panahon, ang mga tao ay mas dumulog sa mga opinyon na tutugma sa kanilang kagila-gilalas na imahinasyon at ang mga sinaunang tao ay hindi mag-aatubiling magbigay ng kasagutan [2] at ito ang naging dahilan sa pag-usbong ng panitikan sa Pilipinas.

Ang panitikang Filipino ay pahayag na pasalita at pasulat ng damdaming Pilipino hinggil sa pamumuhay, pag-uugaling panlipunan, paniniwalang pampulitika at pananampalatayang niyakap ng mga Pilipino [3]. Ang panitikang Filipino ay may pambihirang kabuuan. Ito'y nagsimula sa mga pasalitang tradisyon [4] - tulad nalang ng mga kwentong bayan at alamat.

Bago paman ginamit ang mga kwentong bayan bilang mga panakot sa mga bata, ang mga ito ay ginagamit muna sa pagpapalago ng mga balyus at mga paniniwala ng mga sinaunang tao na isinalin-salin sa sumunod na mga henerasyon hanggang sa ito ay naging sandigan sa pagbibigay ng aral.

Isinaad ni Ogdoc sa kanyang pag-aaral na,

> *Before oral literary tradition had been used to groom the conduct and mold the moral fiber of the children of the Filipinos. These oral traditions served as "artistic capsules" in which their ancestors preserved their social beliefs and values and handed down to their succeeding generations.[5]*

Ang mga pasalitang tradisyon ay walang pamantayan sa kinahiratihan o istilo nito, ang porma nito ay hindi naayon sa mga elemento ng pagsasalaysay sapagkat ang pasalitang tradisyon ay masyadong pagbago-bago dahil ang pangunahing tungkulin nito ay ang bigyan ng tugon ang lokal at dagliang pangangailangan na babago at gagawa ng mga naratibong mensahe na gagamitin sa pakikipagtalastasan [6]. Ang mga ganitong akdang pampanitikan ay masyadong lokal na maaaring makagawa ng lokal na huwaran kahit sa kanyang kakayahan na mapunta sa ibang lugar at maikalat sa iba pang mga kultura. Ito ay galing sa isang payak na pag-uusap lamang tungkol sa mga paniniwala hanggang sa iba pang mga antas hanggang sa iba't ibang pasikot-sikot ng pangyayari sa kwento [7]. Kaya naging sandigan ng kanilang mithiin ang pagsasalaysay na naging dahilan sa pagkakabuo ng mga alamat at kwentong bayan na pilit na ipinapaliwanag ang pagkakabuo ng mga bagay-bagay sa paligid.

Ang mga alamat at kwentong bayan ay isa sa mga mahahalagang mukha ng panitikan sapagkat ito ang bumubuo ng identidad ng isang lipunan. Ang mga panitikang ito ay koleksyon ng mga kwentong nag-uugnay sa mga tao, lugar, hayop at mga bagay na nasa loob mismo sa konteksto ng Pilipinas. Sinisiyasat nito ang mga lokal na ugali at paniniwala, kung hindi pamahiin, na pasalindila na inilipat sa isang henerasyon sa iba pang henerasyon na isinasalin sa pamamagitan ng pasalita upang gawing libangan. Ang mga ito ay ekspresyon ng kultura na purong Pilipino galing sa mayamang nakaraan hanggang sa pag-usbong nito sa kasalukuyan hanggang sa hinaharap, kasaganaan, pagkakaisa at kooperasyon [8].

Isinaad ni Dundes na ang mga kwentong bayan ay representasyon ng imahe ng kanilang isipan, kaya palaging sumusunod na ang pag-aaral sa mga pasalitang tradisyon natin ay makatutulong upang maunawaan ang ating sarili bilang isang tao kung ito ay maipapaliwanag. Ang mga pasalitang tradisyon ay salamin ng kultura na nagbibigay ng natatanging bagay para sa maiging pag-unawa sa ating sarili at pag-unawa sa iba pa [9].

Sa kasamaang palad, ang mabilisang pag-usbong ng teknolohiya, siyensya at globalisasyon ang isa sa mga naging hadlang sa pagpapayabung ng mga kwentong bayan na pinagmulan identidad, balyus at moral ng isang



P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com
Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1, February 2019

lipunan. Sa kasalukuyang pag-aaral ng UNESCO, isinaad nito na:

> *Like other forms of intangible cultural heritage, oral traditions are threatened by rapid urbanization, large-scale migration, industrialization and environmental change. Internet, television, radio and etc. have damaging effect on oral traditions and expressions [10]*

Idinagdag pa nito na ang paggamit ng mga pasalitang tradisyon sa araw-araw na gawain– lalong lalo na ang mga kwentong bayan – ay tumutulong sa pagpapanatili ng kultura, balyus, moral at identidad ng isang Pilipino.

Ang pag-aaral at pagsusuri sa mga akdang pampanitikan ay nakaaambag ng malaki sa nalimot at nawasak na mga katutubong balyus ng mga Pilipino lalong lalo na sa mga Cebuano dahil ang pag-unawa bilang isang Cebuano ay talagang nagsisimula mismo sa pag-unawa sa mga kwentong bayan. Ang pangangailangan na i-preserba ang mga pasalitang tradisyon ay nangangahulugang pag-preserba ng "buhay".

Sa kasalukuyan, may mga pag-aaral na nagpapakita ng mga simbolismo, archetypal at pagsusuri sa paniniwala sa mga kwentong bayan, alamat, at iba pang mga pasalitang tradisyon katulad nalang ng mga pag-aaral ni Doris Ogdoc na "Urban Legends of Mandaue" at Legends*:* Mirror of Peoples Mind; Jason Guadalquiver Compuesto na "The Oral Tales of Ungu in Rural Bohol"; Ramir Philip Jones Sonsona na "The Urban Legends of Cagayan de Oro: Themes, Archetypes, Psyche" at marami pang iba. Ngunit, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakapukos sa antolohiya ng mga di-nalathalang mga kwentong bayan sa iba't ibang parte ng Cebu, pagpapalitaw ng tema na may kinalaman sa pamumuhay ng mga Cebuano at ang mga katutubong saloobin o pagpapahalaga ng mga Cebuano.

Dahil na rin sa layunin at interes ng mananaliksik na buuin at pahalagahan ang mga katutubong saloobin ng mga Cebuano, binigyan ng pansin ng mananaliksik ang paglikom ng iba't ibang mga kwentong bayan at pagsusuri nito sa mga tema na repleksyon ng buhay at kultura nito sa kontekstong Cebuano na nagpapakita ng iba't ibang mga katutubong saloobin. Nararapat lamang na bigyan ng pansin ang mga ito sapagkat ito ang magiging daan upang maging buo muli ang katutubong kultura ng mga Cebuano na unti-unting winasak at nilimot ng modernisasyon.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pananaliksiksik na ito ay naglalayong kolektahin ang mga piling di-nalathalang Sugbu-anun'g kwentong bayan at masuri ang kultura at pamumuhay ng mga Sugbu-anun. Tinitiyak nito na masuri ang mga sumusunod, (1) antolohiya at klasipikasyon ng mga napiling kwentong-bayan; (2) temang naglalarawan sa buhay ng mga Sugbu-anun; (3) kolektibong katutubong saloobin ng mga Sugbu-anun.

## INSTRUMENTO AT KAGAMITAN NG PANANALIKSIK

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong metodo sa paraang Diskors Analisis. Ang pag-aaral na ito ay binigyan ng katugunan sa pamamagitan ng pagsunod sa tatlong hakbang: *Antolohiya ng mga Kwentong Bayan, Mga Temang naglalarawan sa Buhay ng mga Sugbu-anun, at Mga katutubong saloobin.* Ang mga berbal na datos na pagsasalaysay ay masusing pinili ng mananaliksik. Ang mga tagapagsalaysay ay galing sa anim na mga lungsod at siyudad ng Cebu.

### Pinanggalingan ng Berbal na Datos

Ang mga berbal na pagsasalaysay ay masusing pinili ng mananaliksik. Ang mga tagapagsalaysay ay galing sa anim na lungsod at Siyudad ng Cebu, ito ang mga sumudunod: Carcar City, Daanbantayan, Bogo City, Lilo-an, Alegria, Olanggo Island, Dalaguete at Balamban. Bawat pasalitang tradisyon ay maykakaroon ng isang bersyon ng pagsasalaysay. Ang mga tagapagsalaysay ay masusing pinili pagkatapos ng pormal na emersion sa mga napiling lugar. Ang pagpili ng mga lungdos ay nakabatay sa kung ang mga nasabing pasalitang tradisyon ay patuloy pa na ginagamit at kinikilala ng mga tao. Ang mga pagpili ng mga tagapagsalaysay ay galing sa mga mungkahi ng mga tao o kaya'y random mula sa mga taong napagtanungan ng mananaliksik. Bilang kabuuan, nagkaroon ng sampung (10) tagapagsalaysay ang pagsusuring ito.

### Limitasyon ng Pag-aaral

Bibigyan pukos sa pag-aaral na ito ang paglikom ng iba't ibang Sugbu-anung Kuwentong Bayan. Ang pagsusuring ito ay limitado lamang sa sampung pasalitang tradisyon na bantog o sikat sa iba't ibang panig ng Cebu ngunit hindi nailimbag. Nililimitahan ito sa pagpapakita ng iba't ibang tema na naglalarawan sa pamumuhay at kolektibong katutubong saloobin ng mga Sugbu-anun na kinakalhan at kinalimutan.


P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com
Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1, February 2019

**RESULTA AT PAGTATALAKAY**

Matutunghayan sa bahaging ito ang koleksyon ng mga berbal na datos na naging sandigan sa pagbibigay interpretasyon sa mga suliraning inilahad ng pananaliksik na ito. Makikita dito ang pagtatalakay sa tatlong mahahalagang suliranin na binigyang pansin sa pag-aaral na isinagawa.

***Antolohiya at Klasipikasyon ng mga Kwentong Bayan.***

Ang pagsasalaysay ng mga natatanging kwento ay nagtataglay ng mga makabuluhang impormasyon na sumasalamin sa kung paano nabubuhay at hinubog ng isang komunidad ang kanilang kultura at pagkatao. [11] Ang mga kwentong bayan at mga alamat ay maaaring ipangkat gamit ang apat na klasipikasyon, ito ay ang pagpapangkat gamit ang luar na pinagmilan *(origin)*, ang gamit nito *(function)*, ang pagganap *(performance)* at ang konteksto nito.

Sampung di-nalathalang Sugbu-anun'g Kwentong bayan ang nakolekta at isinalin sa Filipino. Makikita sa talahanayan 1 ang mga nasabing piling kwentong bayan.

Talahanayan 1. Antolohiya at Klasipikasyon ng mga kwentong bayan

| Kwentong Bayan | Klasipikasyon |
|---|---|
| 1. Pagbabalik ni Maria Cacao, Mangao at Maria Tang-an<br>2. Pamilyang Engkanto sa Giwanon | **Pampamilya** |
| 3. Alamat ng Canla-ob<br>4. Engkanto sa Obong<br>5. Mga Maligno sa Lilo-an<br>6. Maria Tang-an | **Pangkatakutan** |
| 7. Alamat ng Cambuhawe<br>8. Tagabantay sa bundok ng Camari<br>9. Mahiwagang Ginto | **Pangkalikasan** |
| 10. Baliw-baliw Festival | **Panrelihiyon** |

Matapos ang matamang pag-aanalisa, ang antologiya ng mga sugbu-anung kwentong bayang nakalap ay may apat na klasipikasyon batay sa gamit *(function)* nito. (a) Ang kwentong bayang Pampamilya, (b) Kwentong bayang Pangkatakutan, (c) Kwentong bayang Pangkalikasan, at (d) Kwentong Bayang Panrelihiyon.

Makikita sa unang kategorya ang mga kwentong bayang pampamilya. Nakapaloob dito ang kwento ng Pagbabalik ni Maria Cacao, Mangao at Maria Tang-an; at Ang Pamilyang Engkanto sa Giwanon. Ipinapakita sa kategoryang ito ang pagpapahalaga ng mga Cebuano sa esensya ng pamilya na kahit kalian ay hindi ito kayang mapasusubalian. Ang mga nasabing kwento ay puno man ng kababalaghan ngunit ginamit pa rin ito ng mga nakakatanda hindi lamang para manakot sa mga bata kundi upang ipakita na kahit ang mga engkanto o diwata ay pinapahalagahan pa rin nila ang pamilya. Na kahit hindi tao at makapangyarihan, ay naghahari pa rin sa kanilang mga puso ang pagmamahal at pagpapahalaga nila sa pamilyang kanilang kinabibilangan na dapat namang sundin ng mga Sugbu-anun.

Makikita naman sa ikalawang kategorya ang mga kwentong bayang pangkatakutan. Nakapaloob ditto ang mga sumusunod na kwento: Alamat ng Canla-ob, Engkanto sa Obong, Mga Maligno sa Lilo-an, at Maria Tang-an. Naglalaman ang mga kategoryang ito ng mga kwentong puno ng kababalaghan na ginamit ng mga sinaunang mga Pilipino upang takutin ang mga bata kapag gumagawa ng mga hindi naaayon sa mga itinuturing balyus. Ang mga nasabing kwento ay naglalaman ng mga babala at mga mahahalagang aral na humuhubog sa pagkatao ng mga Cebuano at ginamit bilang *social control*.

Makikita naman sa ikatlong kategorya ang mga kwentong bayang pangkalikasan. Nakapaloob dito ang mga sumusunod na kwento: Alamat ng Cambuhawe, Tagabanatay sa bundok ng Camari at Ang mga Mahiwagang Ginto. Ipinapakita na maaaring ang mga kwentong ito ay hindi mararanasan ng mga kabataan sa kasalukuyan ngunit ito ay ginamit pa rin upang ipaalala sa mga kabataan na pahalagahan natin ang kalikasan dahil ito ang nagbibigay ng buhay ngunit maaari rin itong sisira ng buhay kapag ito ay naabuso.

Ang pinakahuling kategorya ay ng kwentong bayang napili ay may kinalaman sa Relihiyon. Nakapaloob dito ang kwento ng Baliw-baliw Festival. ang pagkakaroon ng kwento katulad ng kwentong bayan sa Olanggo ay ginamit upang ipapaalala sa mga kabataan na kahit magbago man ang panahon ay kinakailangan na panatilihin kung ano ang nakagawian na paniniwala at tradisyon dahil ito ay isang paraan ng pasasalamat sa magandang buhay at biyayang natanggap.

***Tema na Naglalarawan sa Buhay ng mga Sugbu-anun.***

Bawat kwento ay mayroong kanyang mensaheng hatid. Hindi mawawala sa isang akdang pampanitikan – ito man ay pasalita o pasulat. Dito kasi nakasentro ang lahat ng pinag-usapan upang ito ay madaling maunawaan. Ang pagkuha sa Tema na namamayani sa mga bersyon ng mga pasalitang tradisyon ay mahalaga upang maipakita ang mga naging buhay ng mga Cebuano na naghahari noon hanggang sa ngayon sa mga Piling kwentong bayan.

Makikita sa Talahanayan 2 ang iba't ibang tema ng bawat Sugbu-anung Kuwentong-Bayan. Ang Kuwentong-Bayan na pinamagatang Pagbabalik nina Maria Cacao, Mangao, at Maria Tang-an ay may tema na nakatuon sa pagiging handa paghahanda sa pagbabalik ng tatlong makapangyarihang nilalang sa mga kuwentong-bayan ng mga Sugbu-anun. Ayon na rin sa pagsasalaysay, ang mga nilalang na ito ay kinatatakutan ng mga tao sapagkat hindi lamang ito nagbabadya ng panganib sa mga magsasaka at mangingisda sa tuwing bumuhos ang malakas na ulan at baha kundi pati na rin sa buhay ng mga inosenteng tao na walang kalaban-laban.

Talahanayan 2. Mga Temang Naglalarawan sa Buhay ng mga Sugbu-anun

| Kwentong Bayan | Mga Tema na Naglalarawan sa Buhay ng mga Sugbu-anun |
|---|---|
| 1. Pagbabalik nina Maria Cacao, Mangao at Maria Tang-an | Dapat maging handa tayo sa pagbabalik ng tatlong makapangyarihang nilalang na sina Maria Cacao, Mangao at Maria Tang-an. |
| 2. Pamilyang Engkanto Giwanon | Humingi ng kapatawaran kapag ikaw ay nagkakasala. |
| 3. Alamat ng Canla-ob | Pahalagahan at igalang ang kalikasan sapagkat nagbibigay ito ng buhay ngunit nagbabadya rin ito ng pagkitil ng buhay kung hindi pinapahalagahan. |
| 4. Engkanto sa Obong | Nagagalit ang mga engkanto sa mga taong mahilig lumapastangan sa kalikasan. |
| 5. Mga Maligno sa Lilo-an | Ang mga masasamang elemento sa mundo ay hindi nawawala. |
| 6. Maria Tang-an | Ang mga engkanto ay para ring mga tao, sila ay mayroon ding kabuhayan na pinapanatili nila. |
| 7. Alamat ng Cambuhawe | Pakaingatan ang kalikasan sapagkat ito ay nagbibigay ng buhay ngunit maaari rin itong kumitil ng buhay. |
| 8. Tagabantay sa Bundok ng Camari | Igalang at pakaingatan ang kalikasan upang hindi magalit at magdala ng malaking delubyo ang tagapagbantay nito. |
| 9. Mahiwagang Ginto | Ang kalikasan ay may malaking naitutulong sa ikabubuhay ng mga tao ngunit may mga tao talaga na walang pakundangan sa pag-abuso nito. |
| 10. Baliw-baliw Festival | Ang panatang nasimulan ay panatilihin upang hindi ito magdadala ng kapahamakan. |

Iba naman ang takbo sa kuwento sa Giwanon Spring at Ang kuwentong-bayan sa Dalaguete, Cebu sa tungkol sa mga Engkanto sa Obong, sapagkat ayon sa isang mananalaysay, may isang pamilyang engkanto ang naninirahan sa sinabing puno ng Dakit na makikita sa nasabing spring, isinasaad na kapag nagkakasala daw ang isang tao sa tahanan ng mga nasabing engkanto ay kinakailangan mag-aaalay sa mga engkanto bilang paghingi ng kapatawaran kapag nagkakasala na siyang naging bahagi ng pamumuhay ng mga Sugbu-anung sa loob ng mahabang panahon hanggang sa kasalukuyan.

Ang mga bagay na hindi maipapaliwanag ay makikita rin sa kuwentong bayan na Ang Alamat na ng Canla-ob Falls. Isinasaad ng mananalaysay na ang lugar na ito ay pag-aari ng mga makapangyarihang nilalang na tinagatawag na "di ingun natu" o mas kilala sa tawag na engkanto. Isinaad ng tagapagsalaysay na isang magsasaka na may mga di karaniwan na mga pangyayari ang natunghayan ng mga sinaunang mga tao noon na nagpasaindila. Ito ang nagbunsod sa mga tao na naninirahan sa mga nasabing lugar na matutong pahalagahan at igalang ang kalikasan, sapagkat nagbibigay ito ng buhay ngunit nagbabadya rin ito ng pagkitil ng buhay kung hindi pinapahalagahan.

Kinahiligan ng mga Sugbu-anun ang pagbibigay ng pangalan sa mga lugar na may nangyayaring di-karaniwan. Isa na dito ang nangyari sa lugar ng Cambuhawe, Balamban, Cebu. Ang pagkahulog ng isang buhawe o malaking unos na naging dahilan upang makabuo ng isang malaking bukal sa lugar na iyon at tinawag ito na Cambuhawe sa paglipas ng panahon. Ayon sa mananalaysay, ang bukal na iyon ay may marami nang naitulong sa mga taong naninirahan sa nasabing lugar katulad nalang ng pagbibigay ng tubig at mga isda ngunit kapag inaabuso at hindi pahalagahan ang mga bagay na bigay ng kalikasan, tiyak na may mangyayaring hindi maganda kaya ito ay dapat na pakaingatan.

Mataas ang paggalang ng mga sinaunang mga Pilipino sa kalikasan sapagkat naniniwala ang mga Sugbu-anun na ang kalikasan ay nagbibigay ng buhay ng tao ngunit may mga tao talaga na walang pakundangan na inaabuso ang kalikasan. Ito ang isinalaysay ng isang matanda mula sa probinsya ng Daanbantayan, Cebu. Isinaad niya na ang Maya, Daanbanatayan noon ay puno ng yamang dagat na bigay ng kalikasan ngunit dumating ang pagkakataon na ito ay inabuso ng mga tao na humantong sa pagkawala ng pangunahing ikinabubuhay ng mga sinaunang naninirahan sa nasabing lugar. Ito rin ang nangyari sa bayan ng Carcar City, Cebu sa kuwentong-bayan tungkol sa Tagabantay ng budok ng Camari kung saan isinalaysay na sinaunang tao ay nagtangkang bumuo ng isang malawak na minahan sa isang bukid ng Carcar ngunit nang magsisimula na sana ang pagpapasabog ay biglang may isang babae na nakasakay sa kabayo na may isang gintong suso ang


P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com
Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1, February 2019

biglang nagpakita at sinabing kapag ipagpapatuloy ng mga tao ang paglapastangan sa kalikasan ay malaking pagbaha ar marami ang mamamatay. Bumuo ito ng takot sa damdamin ng mga tao sa mga panahong iyon at naging dahilan upang hindi ipagpatuloy ang nasabing pagbuo ng minahan upang hindi magalit ang tagabantay nito at maiwasan ang delubyo.

Sa isang banda, isa sa mga pinaniniwalaan ng mga Sugbu-anun na naging bahagi sa kanilang pamumuhay ay ang paniniwalang hindi mawawala sa mundo ang mga masasamang elemento. Ang paniniwalang ito ay makikita sa kuwentong-bayan ng Lilo-an tungkol sa mga malignong naninirahan sa kanilang lugar. Ngunit gaano man kasama ang mangyayari sa buhay ng mga Sugbu-anun ay naninniwala ang mga ito na may Panginoon na palagig nandiyan. Dahil dito, ang pag-aalay na makikita sa mga piyesta at pagdidibosyon ay naging bahagi ng pamumuhay ng mga Sugbu-anun kahit noon pa man na maipapakita ang taos-pusong pananalig sa Diyos na nagbibigay ng pag-asa sa lahat ng mga tao dahil dito ang panatang nasimulan ay panatilihin upang hindi ito magdala ng kapahamakan na makikita sa kuwentong-bayan mula sa Olanggo Island, Cebu tungkol sa Baliw-Baliw Fiestival.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa iba't ibang mga tema na naging sentro ng pagsasalaysay ay naipapalitaw ang buhay ng mga Sugbu-anun sa paglipas ng panahon. Ang sumusunod ay ang mga aral sa buhay ng mga Sugbu-anun na naging gabay para sa kanilang matiwasay na pamumuhay.

***Kolektibong Katutubong Saloobin ng mga Sugbu-anun.***

Karamihan sa mga Pilipino ay nakagapos sa isang karaniwang balyus at karaniwang relihiyon at paniniwala. Ang lipunang Pilipino ay mailarawan batay sa maraming positibong katangian at kaugalian. Ang konsepto ng "balyus" sa atin bilang isang Cebuano ay mayroong kinalaman sa ating pagkakakilanlan bilang isang tao. dito ipinapakita ang mga likas na pag-uugali ng mga Cebuano tungo sa pag-unawa sa mga bagay sa ating kapaligiran at paano hahatulan ng isang tao ang kanyang nakikita [12].

Ipinaliwanag sa Sikolohiya na ang balyus at kaugalian ay tumutukoy sa disposisyon o tunguhin ng isang tao ngunit sa malawakang pag-unawa, ang balyus o pagpapahalaga na inaakala na mahalaga at batayan sa kaugalian o paggawa ng mga aksyon at paggawa ng mga desisyon sa buhay ay naipakikita sa bahaging ito, na ang likas na pag-uugali ng isang Cebuano at saloobin nito ay may malaking impluwensya sa isa't isa. Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng iba't ibang mga kaugalian ng mga Cebuano na makikita sa sampung piling kwentong bayan at mga alamat. Ang mga likas na pag-uugali ng mga Sugbu-anun ay napapangkat sa anim na katutubong saloobin.

Talahanayan 3. Ang Kolektibong Saloobin ng mga Sugbu-anun

| Katutubong Saloobin | Kwentong Bayan |
|---|---|
| ***Pagpapahalaga sa Relasyon*** -Mapagpahalaga sa Pamilya | *Pagbabalik ni Maria Cacao, Mngao at Maria Tang-an; Engkanto sa Obong Spring; Maria Tang-an* |
| ***Pagpapahalagang Sosyal*** -Pagpapanatili sa Seguridad ng Kabuhayan | *Pagbabalk ni Maria Cacao, Mangao at Maria Tang-an; Mahiwagang Ginto* |
| -Pagmamagandang-loob sa mga dayuhan/kapwa | *Pagbabalik ni Maria Cacao, Mangao at Maria Tang-an; Mahiwagang Ginto* |
| -Pagkamahilig sa produkto sa ibang bansa. | *Pagbabalik ni Maria Cacao, Mangao at Maria Tang-an* |
| -Mapaniwalain | *Mga Maligno sa Lilo-an; Alamat ng Canla-ob; Maria Tang-an; Pamilyang Engkanto sa Giwanon; Engkanto sa Obong* |
| ***Pagpapahalaga sa Kalooban*** -Masunurin at mapitagan sa mga matatanda | *Alamat ng Canla-ob; Pamilyang Engkanto sa Giwanon; Alamat ng Cambuhawe; Mga Maligno sa Lilo-an; Mahiwagang Ginto; Tagabantay sa bundok ng Camari* |
| -Matulungin | *Pagbabalik ni Maria Cacao, Mangao at Maria Tang-an; Alamat ng Cambuhawe* |
| -Mapagpaumanhin/ Mapagkumbaba | *Engkanto sa Obong; Pamilyang Engkanto sa Giwanon* |
| -Mapag-alala | *Alamat ng Cambuhawe* |
| -Mapagsamantala sa kabutihan ng iba | *Ang Mahiwagang Ginto; Alamat ng Cambuhawe* |
| - Mapanghusga | *Maria Tang-an* |
| ***Pagpapahalaga sa Kabuhayan*** -Makakalikasan | *Alamat ng Canla-ob; Ang Engkanto sa Obong; Alamat ng Cambuhawe; Mahiwagang Ginto; Tagabantay sa bundok ng Camari* |
| -Mapang-abuso sa kaliksan | *Ang Engkanto sa Obong; Alamat ng Cambuhawe; Tagabantay sa bundok ng Camari* |
| ***Pananampalataya at Relihiyon*** -Maka-Diyos | *Alamat ng Canla-ob; Tagabantay sa bundok ng Camari; Baliw-baliw Festival* |
| ***Positibong Pananaw*** | *Pamilyang Engkanto sa Giwanon* |

**Pagpapahalaga sa Relasyon**; **Pagpapahalagang Sosyal**; ***Pagpapahalaga sa Kalooban;*** **Pagpapahalaga sa Kabuhayan**; **Pananampalataya at Relihiyon**; *at* **Positibong Pananaw**

Ang pagpapahalaga ay nagsisimula sa pinakamaliit nay unit ng lipunan – Ang Pamilya. Ang matatag na bigkis ng pamilya ay isa sa mga bagay ba ikinaiiba ng mga Sugbu-anun na kahit sa mga kuwentong-bayan ay hayagan itong naipapakita sa kuwentong bayan na Pagbabalik ni Maria Cacao, Mangao at Maria Tang-an



P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com
Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1, February 2019

ipinapakita sa pagsasalaysay na ang tatlong nilalang na ito ay magkakapamilya at sila ang nagtutulungan upang maitaguyod nila ang kanilang kabuhayan bilang pamilya na kahit nawala si Maria Cacao -na pinaniniwalaang mas nakakatanda sa lahat- ay ipinagpatuloy pa rin ng kapamilya nito ang nasimulan.

Isa rin sa mga pagpapahalaga ng mga Sugbu-anun ay ang pagpapahalagang Sosyal. Isinasaad na ang [13] bawat isa ay nanganggailangan ng Pagkandili at Pagtanggap na ipinaliwanag ni Maslow sa kanyang Teorya. Ang sampung kuwentong-bayan ay nagpapamalas ng positibo at negatibong kaugalian ng mga Sugbu-anun sa sosyal na aspeto. May apat na likas na pag-uugali ang mga Sugbu-anun na makikita sa pagsusuri. Ang dalawa nito ay maaaring maihahanay sa negatibong kaugalian ng mga Sugbu-anun at ito ang Pagkamahilig sa produkto ng mga dayuhan at pagiging mapaniwalain. Ang dalawa naman ay maihahanay sa positibong kaugalian ng mga Sugbu-anun at ito ang Pagpapanatili sa kabuhayan at ang pagmamagandang-loob sa kapwa. Ang Colonial Mentality ng mga Sugbu-anun ay makikita sa maraming manipestasyon. Una, ang pagkakapahiya, ikalawa ang pagsasawalang halaga ng mga kulturang Pilipino at ang diskriminasyon ng mga Pilipino na itinuturing na "less American". Ang mga katangiang ito ay makikita sa mga kuwentong si Maria Tang-an at Ang pagbabalik nina Maria Cacao, Maria Tang-an at Mangao. Ang pagiging mapaniwalain ng mga Sugbu-anun ay maaaring iugnay sa pagiging *obedient* ng mga ito sa mga mas nakakatanda at mga magulang na hindi na nagtatanong ng ilang mga imporasyon bago pa man manila sa mga bagay-bagay na makikita sa kuwentong Mga Maligno sa Lilo-an at Ang Alamat ng Canla-ob. Kung ano man ang sinasabi ng mga matatanda noon at talagang pinaniniwalaan kaagad ng mga tao na kahit maliit na pagkuwestyun ay hindi umaabut sa mga tainga nga mga nakakatanda.

Ang pangalan na binuo ng isang tao upang mapaunlad ang kanyang kabuhayan ay pinapahalagahan ng nakakaraming mga Sugbu-anun sapagkat nakasalalay dito ang kung ano ang pagtanggap ng lipunan sa kanila [14]. Makikita ito sa maraming mga Sugbu-anun na naging matagumpay sa pagpapanatili ng kanilang mga kabuhayan na galing sa Cebu katulad nalang ni Henry Sy, Larazabal, Gokongwei, at marami pang mga negosyante na galing ng Cebu. Naniniwala ang mga Sugbu-anun na may tungkuling ginagampanan ang bawat kasapi ng pamilya para sa ikakabuti ng lahat. Dito makikita ang pagpapahalaga sa pagpapataas ng pamumuhay ng mga Sugbu-anun katulad nalang ng kanilang hanapbuhay at edukasyon. Naniniwala ang mga ito na sa tulong ng pagsasamahan ay nauunawaan ng mga ito ang mga pagkakamali ng pamilya o kaibigan para sa kaunlaran at katiwasayan ng pamumuhay na isa sa mga pag-uugali ng mga Sugbu-anun – Ang pagmamagandang-loob tungo sa kapwa.

Ang pagiging sensitibo sa maaaring sabihin ng iba at maaaring mararamdaman ng iba ay isa sa mga ugali ng mga Sugbu-anun na may kinalaman sa Pagpapahalaga sa Kalooban ng iba na maihahanay sa pagiging positibo at negatibo. Ipinapakita sa saloobing ito kung paano tingnan ng mga Cebuano ang mga taong nakapaligid sa kanila, ang pagtingin sa kagandahang loob o budhi ng isang tao at ang pag-iisip kung tayo ang inilalagay sa kanilang sitwasyon. Ilan sa mga pag-uugaling naipapakita dito ay ang pagiging masunurin at mapitagan sa mga nakakatanda; matulungin; mapagpaumanhin/ mapagkumbaba; mapag-alala sa pakiramdam ng iba. Ang pagiging mapagsamantala sa kabutihan ng iba at ang pagiging mapanghusga ay isa lamang sa mga negatibong ugali ng mga Sugbu-anun. Hindi naiiwasan na kahit isa sa mga mabubuting kaugalian ng mga Sugbu-anun ang pagiging matulungin ngunit may mga pagkakataon talaga na inaabuso ito ng ibang tao na makikita sa pagsasalaysay sa mga kuwento sa Alamat ng Cambuhawe at Ang Mahiwagang Ginto.

Ang mga sinaunang Cebuano ay nagtataglay ng isang magandang pag-uugali na may kinalaman sa pagpapahalaga sa ikinabubuhay nito lalong lalo na ang pagpapahalaga sa kalikasan na itinuturo ng mga mas nakakatanda. Ngunit sa pagababago ng panahon, ang pagpasok ng siyensya sa buhay ng mga tao ang nag-udlot na tanungin ang ilan sa mga kabataan ang mga paniniwala na may kaugnayan sa pagpapahalaga sa kalikasan at pamumuhay at naging daan upang maging mapang-abuso ang ilan sa mga makabagong henerasyon.

Ang pagiging maka-Diyos ay matagal nang bahagi sa pamumuhay at pag-uugali ng mga Cebuano. Naniniwala ang mga ito na kahit ano man ang mangyayari, kapag sila ay magdarasal ay maipapalayo sila sa kapahamakan na maaaring dala ng pagkakataon. Ang paglagay ng mga imahe ng mga santo at krus na simbolo ng pananampalataya at pananalig na ang masasamang elemento ay lumalayo at ang pagbasbas ay nagpapalinaw sa pamumuhay ng mga Cebuano. Ang relihiyon ay itinuturo man ng mga dayuhang mananakop ngunit ito ay hindi naging hadlang upang ang mga Cebuano ay hindi magiging Maka-Diyos sa salita at sa gawa.

Ang pagiging positibo sa lahat ng bagay sa mundo ay isa sa mga katutubong saloobin ng mga Sugbu-anun. Ang pag-iisip sa ilang mga bagay na makakabuti katulad nalang nang pagiging *independent* at *adventurous* o ang

tinatawag sa pagpapahalaga sa kalayaan ay isa lamang sa maraming kaugalian ng mga Sugbu-anun na nagpapakita ng positibong pananaw. Tinalakay ng tagapagsalaysay sa kuwentong ang pamilyang engkanto sa Guiwanon Spring ang tungkol sa isang anak na kapag lalaki na ay maghahanap ng kanyang sariling kalayaan at pupunta sa ibang lugar upang hanapin ang kanyang kalayaan at makapagpagpapaligaya sa mundo. Palaging naka-sentro sa maraming diskusyon sa iba't ibang larang ang kalayaan ng bansa ngunit ang nakakaligtaan ng nakakarami na ang kalayaan ay dapat mismo magsimula sa pamamahay. Kahit lantad sa man ang kultura ng *strong family ties* sa mga Pilipino ngunit hindi ito naging hadlang sa mga Sugbu-anun upang hanapin ang kanilang kalayaan sa labas ng pamamahay ng kanilang mga magulang. Ang pagpapalaya ng mga magulang sa mga anak upang hanapin ang mga gusto nito sa buhay ay isang pag-uugali ng mga Sugbu-anun o Cebuano na hindi nabibigyan ng pansin ng maraming pag-aaral. Ngunit, ang paglayang ito ay hindi nangangahulugan na kalillimutan ng anak ang kanyang pamilya sapagkat kahit bubuo ang anak ng kanyang sariling buhay, babalik pa rin sa mga magulang upang ipakita na ang pagpapalaya ay hindi nangangahulugang paglimot sa pamilya.

**KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang paglalahad na ang Sampung Kwentong Bayan ay napapalooban ng pangkalikasan, pangkatakutan, panrelihiyon at pampamilya na sumasalamin sa mga katutubong saloobin ng mga Cebuano. Hanggang sa buhay pa ang mga kwentong bayang ito ay mananatiling buhay rin ang mga katangiang ng mga Sugbu-anun sapagkat ito ay naging bahagi na sa pamumuhay at identidad ng pagiging isang Sugbu-anun.

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na makatulong sa pamamagitan ng mga rekomendasyon. Batay sa mga natuklasan at nabuong kongklusyon: (1) Likumin ang iba pang mga kwentong bayan sa ibang lugar ng Cebu na hindi nakuha ng mananaliksik at gamitin bilang isa sa mga kagamitang pampagturo ng balyus at bumuo ng mga pangkat ng mga estudyante upang isadula ito sa klase; (2) Magsagawa ang mga LGU o lokal na pamahalaan ng mga hakbangin na malikom at maimbak ang mag kwentong bayan at isadula ang mga ito sa mga natatanging pagdiriwang sa Cebu upang mapreserba ang mga ito sabay nang pag-preserba ng ating sariling pagkakilanlan bilang Pilipino; (3) Gawing lunsaran ang mga kwentong bayan sa pagtuturo ng *Mother Tongue* sa lahat ng paaralang elementarya. Gamitin ang mga nakolektang mga kwentong bayan sa klase at ipasuri sa mga mag-aaral ang mga simbolismo na makikita sa bawat kwento.

**REFERENCES**


[1] Casanova, Arthur et.al. (2005) *Panitikang Filipino*. Manila: Rex Book Store. (p. iii)
[2] Imson, Maria Elinora at Dizon, Salud.(1994) *El Folk-lore Filipino*. Quezon City: UP Press. (Page 6)
[3] Panganiban, Jose Villa et.al. (2000) *Panitikan ng Pilipinas*. Binagong Edisyon. Manila: Rex Bookstore.(Page 3)
[4] Ramos, Maria S. (1984) *Panitikang Pilipino*. Manila: Katha Publishing Company. (Page 3)
[5] Ogdoc, Doris. (2012) *Urban Legends of Mandaue*. Cebu Nromal University. ( Page 1)
[6] Dégh, L. (1989). *Folktales and society: story-telling in a Hungarian peasant community: expanded edition with a new afterword* (No. 526). Indiana University Press.
[7] Eugenio, Damiana L. (1996) *Philippine Folk Literature: The Legends*. Manila: UP Diliman. (Page xx)
[8] Young, Johnny. (1994) *Philippine Myths and Legends.* Metro Manila: MG Reprographics. (Page 8)
[9] Eugenio, Damiana L. (1996) *Philippine Folk Literature: The Legends*. Manila: UP Diliman. (Page xvi)
[10] *UNESCO Home Page* http://unesdoc.unesco.org/images/0002/000234/023417EB.pdf
[11] Lopez, Mellie Leandicho. (2006). *A handbook of Philippine folklore*. UP Press. ( Page 88)
[12] Bulatao, J. (1962). Philippine Values I: The Manileno's Mainsprings. *Philippine Studies*, *10*(1), 45-81.
[13] Abrahams, M.H. *Theories of Literary Criticism: An Outline.* 26 Spetember 2015.
[14] Bulatao, Jaime (1962). *The Philippine values:The Manileno's mainsprings. Philippine Sociological Review, 10* (1/2), 7-26.


**COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (http://creative commons.org/licenses/by/4.